**Title:** MASAKER SA QC
**Author:** ARMIDA RICO
**Reference:** http://www.abante.com.ph/issue/sep03/crime1.htm
**Date:** 03 September, 2004

Pinagsasaksak hanggang sa mapatay ng isang assistant manager ang kanyang misis, ang tiyahin nito at kasambahay kahapon sa Quezon City.

Nagtamo ng 31 saksak sa katawan si Dionifer Molina-Guevarra, 26-anyos, habang anim sa tiyahin nitong si Dolores Molina, 62. Isang saksak naman ang ikinasawi ni Ma. Liza Bernabe, 25, mula sa suspek na si Rolando Guevarra, 26, assistant manager ng Inonics sa Canlubang, Laguna.

Sa nakalap na impormasyon, alas-tres ng hapon nang maganap ang insidente sa 47 Freedom St., Veterans Vill., Area 1-A, Bgy. Pasong Tamo, Tandang Sora, QC.

Ayon sa ina ni Dionifer na si Julieta Garcia, bago nasawi ay sinasabi na sa kanya ng anak na ayaw na nitong makipagbalikan pa sa suspek dahil na rin sa pananakit sa kanya at sa 2-buwang gulang nitong anak. Madalas din umano itong kinukulong sa kuwarto sa bahay nila sa Tagig.

Bunga nito, ipinasya ni Dionifer na iwan ang suspek at magtungo sa mga kamag-anak sa North Gate sa Novaliches, QC. Gayunman, sinundo ni Garcia ang anak upang makipag-ayos sa suspek subalit matigas ang pagtanggi ng biktima. Hanggang sa pansamantalang kinupkop ni Garcia ang anak sa 47 Freedom St., kung saan dumating din ang suspek.

Sinasabing matapos magtalo ang suspek at si Dionifer ay paulit-ulit itong pinagsasaksak ng una kung saan idinamay din nito sina Dolores at Ma. Liza na noo'y umawat.

Dinala sina Dionifer at Dolores sa Gen. Malvar Hospital subalit idineklarang dead on arrival habang namatay sa Bernabe sa New Era Hospital.









# ROLANDO "ROLLY" CARDOZA GUEVARRA

# W A N T E D